# Sesyon 1



**BALANGKAS NG SESYONG ITO**

1. Simulan ang sesyon sa panalangin.
2. Magpakilanlan sa isa't isa.
3. Basahin ang *Maligayang Pagtanggap! Paano Nabuo ang Seryeng Ito* [p. 5].
4. Kabuuan ng Kursong *Ang Iyong Buhay Kasama ni Cristo* [p. 56].
   - Mahal Ka Ng Diyos
   - Si Jesu-Cristo
   - Ang Ginawa ni Cristo
   - Ang Espiritung Nasa Iyo
5. Tingnan ang *Talaan ng Natapos* sa p. 91.
6. Pag-aralan kung paanong gagawing mas masigla ang iyong pagbabasa ng Biblia:
   a. Gumamit ng makabagong salin ng Biblia o anumang salin na mas nagugustuhan mo.
   b. Pag-aralan ang *Gabay sa Pagbasa ng Biblia* [p. 6].
   c. Pag-aralan ang *Gabay sa Pagmamarka ng Biblia Habang Nagbabasa* [p. 6].
7. Gawin ang *Pagsasanay sa Pagbabasa at Pagmamarka* [p. 8].
8. Basahin ang *Paliwanag Tungkol sa mga Isasaulong Talata sa Iyong Pagsisimula kay Cristo* [p. 9-14].
9. Basahin ang *Epektibong Paraan ng Pagsasaulo ng Talata* [p. 13].
10. Basahin ang *Gagawin sa Bahay para sa Sesyon 2.*
11. Tapusin ang sesyon sa panalangin at pagpapalakasan.

## GAGAWIN SA BAHAY PARA SA SESYON 2

- *Mga Isasaulong Talata:* Maingat na basahin ang Paliwanag Tungkol sa mga Sasauluhing Talata sa Iyong *Pagsisimula kay Cristo* [pp. 9-14]. Isaulo ang talata para sa *Katiyakan ng Kaligtasan,* 1 Juan 5:11-12.
- *Pagbasa ng Biblia:* Sikaping magkaroon ng sariling kopya ng makabago o pinakagusto mong salin ng Biblia. Basahin at markahan ito araw-araw. Dalhin ito tuwing dadalo sa klase.
- *Pag-aaral ng Biblia:* Tapusin ang tanong 1-12 sa *Seksyon 1: Mahal Ka Ng Dios* [p. 57-59].
- *Iba pa:* Sagutan ang *Maikling Pagsusulit* sa p. 16.

## ISASAULONG TALATA

Katiyakan ng Kaligtasan, 1 Juan 5:11-12

## Maligayang Pagtanggap!

### Paano Nabuo ang Seryeng Ito

Ang *Seryeng Equip to Serve (ETS)* (dating kilala bilang *The 2:7 Series*) ay isang bagong konsepto ng pagsasanay ng mga layko sa paggawa ng alagad. Bunga ito ng maraming pananalangin, pagsasaliksik, paulit-ulit na paggamit sa iba't ibang iglesia lokal, at pagsisikap na maisulat base sa mga nakalap na karanasan. Ang serye ay nahahati sa anim na aklat na nagbibigay-diin sa pagkakaroon ng mahuhusay at sinanay na layko.

Ano ang layunin ng seryeng *ETS?* Ipinahayag ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ni Pablo sa *Colosas 2:7,* na dapat "Magpakatibay kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at laging magpasalamat sa Diyos." Malinaw nitong isinasaad ang mga layunin ng pagsasanay na ito:

- ♦ *Upang ang Cristiano ay maging matibay kay Cristo at maging matatag sa kanyang pananampalataya.* Kalakip dito ang mga alituntunin sa praktikal na pag-aaral ng Biblia, pagsasaulo ng mga bersikulo, pagkakaroon ng masiglang oras ng debosyon o pagbubulay-bulay, at pagiging mabisang patotoo sa ebanghelismo.

- ♦ *Upang ang Cristiano ay matutong maging laging nag-uumapaw sa pasasalamat sa kanyang pang-araw-araw na buhay.* Makatutulong ang seryeng ito upang matutunan ng isang tao kung paanong makakaranas at masisiyahan sa isang matatag at nagpapatuloy sa buhay Cristiano.

- ♦ *Upang ang Cristiano ay maturuan.* Ito'y nagpapahiwatig na kailangang dumaan muna sa pagsasanay ang isang tao bago siya maging isang ganap na laykong nagtataglay ng pamumuhay na magiging kapakipakinabang sa kanyang komunidad.

Anu-ano ang mga bunga ng seryeng *ETS?* Marami sa mga nagsanay sa seryeng ito ay nagkaroon ng mga katangiang kinakailangan para sa mas malaking responsibilidad at maging mas epektibo sa kanilang iglesia lokal. May mga mag-asawa't mga pamilya ang natulungan habang ang bawat isa'y lumalagong espirituwal at nagiging matatag sa kanilang paglakad kasama ng Diyos. Sa kanilang pagtatapos ng seryeng ito, ang mga nagsisilagong Cristiano ay nagkakaroon ng karagdagang gamit sa pagtulong sa ibang tao sa kanilang paglago kay Cristo at sa pag-abot sa mga hindi pa mananampalataya.

**<u>Mga Kinakailangan at Mungkahi</u>**

- ♦ Bawat isa sa anim na aklat ng *Seryeng ETS* ay may 12 sesyon o klase.
- ♦ Huwag kang liliban ng higit sa 2 ulit sa kabuuan ng 12 sesyon. Mahirap makahabol kapag napag-iwanan ka.
- ♦ Hindi dapat lalagpas sa 15 estudyante ang isang klase para mabigyan ng personal na atensiyon ang bawat isa at makalikha ng di masyadong pormal na pag-uugnayan.
- ♦ May mga kailangan kang kumpletuhin para makapagtapos sa kursong ito. Bagamat hindi naman mahirap, ang pagtatapos ay nangangailangan ng sinasadyang pagsisikap. Sikaping makakuha ng pasadong grado para makapagtapos.
- ♦ Laging isaisip na anumang gawaing tunay na kapakipakinabang ay may katapat na halaga at pagsisikap.
- ♦ Karamihan sa mga sesyon ay mangangailangang paglaanan ng isang oras na paghahanda. Ilan sa mga paghahanda ay maaaring tumagal ng mahigit isang oras.
- ♦ Kung matatapos mo ang mga itinakdang gagawin sa bahay sa tamang oras, masusumpungan mong mas kapakipakinabang ang kurso.
- ♦ Hindi ito kursong puro lektyur. Bibigyan ka ng pagkakataong makibahagi at magbahagi sa bawat sesyon.

## Gabay sa Pagbasa ng Biblia

- Kung ngayon ka pa lang mag-uumpisang magbasa ng Biblia, maaari kang magsimula sa mga aklat sa Bagong Tipan. (Kaya lang, may mga nahihirapan sa pagbasa ng Ebang-helyo ayon kay Mateo kaya magsimula ka sa Marcos o Juan.)
- Tapusin ang pagbasa ng isang aklat bago magbasa ng iba.
- Marahil ang dalawang pinakamahirap na aklat sa Biblia ay ang Levitico at Pahayag.
- Sa halip na tuluy-tuloy basahin ang mga Ebang-helyo, sal-itan ito ng ibang aklat para maiba naman.
- Kapag handa ka nang magbasa sa Lumang Tipan, maaari mong piliin ang isa sa mga sumusunod na aklat: Josue, 1 Samuel, 2 Samuel, 1 Hari, 2 Hari, Genesis, Daniel. Ang ilan sa mga aklat na ito'y may bahaging mahirap unawain kaya pasadahan mo lamang ang mga ito.



## Gabay sa Pagmamarka ng Biblia Habang Nagbabasa

Hindi magagamit ang *felt-tip pens* sa mga Bibliang maninipis ang pahina. Iminumungkahi naming bumili ka ng mumurahing Biblia na mas makapal ang papel na pinag-imprentahan para iyong mamarkahan habang ikaw ay nagbabasa. Maaari kang gumamit ng bolpen para markahan ng sumusunod na mga simbolo ang iyong Biblia:

1. Panaklong **[ ]**
2. Maikling guhit na pahilis ****
3. Dalawang guhit na pahilis sa gilid ng pahina ***//***
4. Pagbilog sa salita
5. Tuwid na guhit pababa **|**
6. Salungguhit ________

Maaari ka ring gumamit ng iba't ibang kulay na pangmarka o "highlighter" (kadalasan ay dilaw) sa halip na pagsasalungguhit sa mga ito upang madaling mapansin ang mga salita. Madali pa ring mababasa ang mga minarkahan ng "highlighter."

Maaari kang pumili kung alin sa mga simbolo ang gagamitin mo sa pagmamarka habang ikaw ay nagbabasa. Maaari ka ring pumili ng isa o dalawang paborito mong marka. O maaari ka rin namang gumawa ng sarili mong pangmarka.

Ipinakikita sa sumusunod na pahina ang mga talatang halaw sa magkaibang salin ng Biblia kung paano minarkahan ang mga ito.

***Isaias 11:1-7 (Magandang Balita Biblia)***

Ang paghahari ng angkan ni David ay nalagot na
parang punongkahoy na naputol.  Ngunit sa lahi
niya'y lilitaw ang isang hari, tulad ng isang supling
mula sa isang tuod.  2Mananahan sa kanya ang
espiritu ni Yahweh, bibigyan siya ng katalinuhan at
pang-unawa, ng kaalaman at kapangyarihan, ng
karunungan at takot sa Panginoon.  3Kagalakan niya
ang tumalima kay Yahweh.  Hindi siya hahatol ayon
sa nakikita o batay sa narinig sa iba.  4Bibigyan niya
ng katarungan ang mga dukha, ipagtatanggol ang
karapatan ng mga kawawa.  Ang salita niya'y
parang tungkod na ipapalo sa mga malulupit, ang
hatol niya'y kamatayan sa masasama.  5Kataru-
ngan at katapatan ang paiiralin niya sa kanyang
pamamahala.

6Maninirahan ang asong-gubat sa piling ng
kordero, matutulog ang leopardo sa tabi ng
batang kambing, magsasama ang guya at ang
batang leon, at ang mag-aalaga sa kanila'y
batang paslit.  7Ang baka at ang oso'y
magkasamang manginginain.  Ang mga anak
nila'y magkakatabing matutulog.  Kakain ng
damo ang leon na animo'y toro.

***Lucas 5:15-17 (New Pilipino Version)***

15Ngunit lalong kumalat ang balita tungkol kay
Jesus, kaya dinagsaan siya ng maraming tao
para makinig sa kanya at gumaling sa kanilang
mga karamdaman.  16Gayunman, madalas
siyang umaalis at nagpupunta sa mga ilang para
manalangin.  17Isang araw, nagtuturo si Jesus,
naroon din at nakaupo ang mga Pariseo at mga
eskriba buhat sa iba't ibang bayan ng Galilea at
Judea, at sa Jerusalem.  Taglay niya ang ka-
pangyarihan ng Panginoon upang magpagaling
ng mga maysakit.

***1 Hari 12:3-13 (Magandang Balita Biblia)***

3Humarap nga kay Roboam si Jeroboam at
ang buong Israel at sinabi sa kanya:
4"Napakabigat po ang mga dalahing ipinapasan
sa amin ng inyong ama.  Bawasan po ninyo ang
pahirap na ginawa niya sa amin; pagaanin ninyo
ang pasanin na aming dinadala at paglilingkuran
namin kayo."  Sumagot si Roboam, "Bigyan
ninyo ako ng tatlong araw upang mapag-aralan
ang bagay na ito, at pagkatapos bumalik kayo."
Kaya umalis muna ang mga tao.
6Sumangguni si Reboam sa matatandang
naglilingkod kay Solomon nang ito'y nabu-
buhay pa.  Itinanong niya sa kanila kung ano
ang dapat niyang gawin.  7At ganito ang sabi
sa kanya ng matatanda:  "Kapag pinagbigyan
ninyo ang kanilang kahilingan at ipinakita
ninyong handa kayong maglingkod sa kanila,
kapag sila'y inyong pinakitunguhang mabuti,
maglilingkod sila sa inyo habang panahon."
8Ngunit pinawalang-halaga ni Roboam ang
payo ng matatanda.  Sa halip, nagtanong siya
sa mga kababata niya na ngayo'y naglilingkod
sa kanya.  9"Ano ang dapat kong isagot sa mga
taong humihingi na pagaanin ko ang pasaning
ipinataw sa kanila ng aking ama?"
10Ganito naman ang payo nila:  "Sabihin mo
sa mga taong dumaraing sa bigat ng pasaning
ipinataw sa kanila ng iyong ama na ang kaling-
kingan mo'y mas matigas kaysa hita ng iyong
ama; 11na dadagdagan mo pa ang pahirap na
kanyang ipinapasan sa kanila; at kung sila'y
hinagupit niya ng latigo, hahagupitin mo naman
sila ng mga panghampas na may tinik na
bakal."
12Pagkalipas ng tatlong araw, bumalik si
Jeroboam at ang mga tao, ayon sa iniutos sa
kanila ng hari.  13Laban sa payo ng matatanda,
marahas ang sagot na ibinigay ni Roboam sa
mga tao.

***1 Tesalonica 1:1-7 (New Pilipino Version)***

Sina Pablo, Silas at Timoteo, sa iglesya sa
Tesalonica--mga hinirang ng Dios Ama at ng
Panginoog Jesu-Cristo:  Sumainyo nawa ang
biyaya't kapayapaan.  2Lagi naming pinasa-
salamatan ang Dios dahil sa inyong lahat, at
binabanggit namin kayo sa aming mga
panalangin.  3Patuloy naming ginugunita sa
harapan ng ating Dios at Ama ang inyong
gawang bunga ng pananampalataya, ang
pagpapagal na udyok ng pag-ibig, at ang
inyong pagtitiyagang pinasisigla ng pag-asa sa
ating Panginoong Jesu-Cristo.
4Mga kapatid, mahal kayo ng Dios at alam
naming hinirang niya kayo.  5Ipinangaral namin
sa inyo ang ebanghelyo, hindi lamang sa salita,
kundi rin naman sa kapangyarihan ng Espiritu
Santo at lubos kaming naniniwalang ito'y totoo.
Alam ninyo kung paano kami namuhay sa
piling ninyo para sa inyong kapakanan.
6Kayo'y tumulad sa amin at sa Panginoon; sa
kabila ng matinding paghihirap ay tinanggap
ninyo ang mensahe na may kagalakang kaloob
ng Espiritu Santo.  7Kaya naging huwaran kayo
ng lahat ng mananampalataya sa Macedonia
at Acaya.

## Pagsasanay sa Pagbabasa at Pagmamarka

Para makapagsanay ka sa pagbasa at pagmamarka, gagamitin natin ang *Roma 12* ayon sa saling *Magandang Balita Biblia*. Habang ginagawa mo ang pagsasanay na ito, (1) manalangin kang mangusap ang Diyos sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang Salita, (2) pag-isipan mo ang mga nabasa mo, at (3) markahan mo ang mga bahaging nangusap sa iyo. Pagkatapos mong basahin ang bahaging ito ng Kasulatan, bibigyan ka ng pagkakataong ibahagi ang isa o dalawang talatang minarkahan mo.

**Roma 12 (Magandang Balita Biblia)**
Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y namamanhik sa inyo: ialay ninyo ang inyong sarili bilang handog na buhay, banal at kalugud-lugod sa kanya. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos. [2]Huwag kayong umayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba na kayo at magbago ng isip upang mabatid ninyo ang kalooban ng Diyos--kung ano ang mabuti, nakalulugod sa kanya, at talagang ganap.

[3]Dahil sa kaloob ng Diyos sa akin, sinasabi ko sa bawat isa sa inyo: huwag ninyong pahalagahan nang higit sa nararapat ang inyong sarili. Sa halip, pakalimiin ninyo ang tunay ninyong katatayuan, ayon sa sukat ng pananampalatayang ipinagkaloob ng Diyos sa bawat isa sa inyo. [4]Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. [5]Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Cristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.

[6]Yamang mayroon tayong mga kaloob na magkakaiba ayon sa kagandahang-loob ng Diyos sa atin, gamitin natin ang mga kaloob na iyan. Kung paghahayag ng kalooban ng Diyos ang ipinagkaloob sa atin, ipahayag natin ito ayon sa sukat ng ating pananampalataya; [7]kung pagliligkod, maglingkod tayo. Magturo ang tumanggap ng kaloob na pagtuturo [8]at mangaral ang may kaloob na pangangaral. Kung pag-aabuloy, mag-abuloy nang buong kaya; kung pamumuno, mamuno nang buong sikap. Kung nagkakawanggawa, gawin ito nang buong galak.

[9]Maging tunay ang inyong pag-ibig. Kasuklaman ninyo ang masama, pakaibigin ang mabuti. [10]Mag-ibigan kayo na parang tunay na magkakapatid. Pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo. [11]Magpakasipag kayo at buong pusong maglingkod sa Panginoon.

[12]Magalak kayo dahil sa inyong pag-asa. Magtiyaga kayo sa inyong kapighatian, at laging manalangin. [13]Tumulong kayo sa pangangailangan ng mga kapatid. Ibukas ninyong lagi ang inyong pinto sa mga taga-ibang lugar.

[14]Idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo--idalanging pagpalain at huwag sumpain. [15]Makigalak kayo sa mga nagagalak, makitangis kayo sa mga tumatangis. [16]Magkaisa kayo ng loobin. Huwag kayong magmataas, kundi makisama sa mga aba. Huwag ninyong ipalagay na kayo'y napakarunong.

[17]Huwag ninyong gantihin ng masama ang masama. Sikapin ninyong mamuhay nang marangal sa lahat ng panahon. [18]Hangga't maaari, makisama kayong mabuti sa lahat ng tao.

[19]Mga minamahal, huwag kayong maghiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Diyos. Sapagkat nasusulat, "Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti, sabi ng Panginoon." [20]Kaya, "Kung nagugutom ang iyong kaaway, pakanin mo; kung nauuhaw, painumin mo; sa gayon, mapapahiya siya sa kanyang sarili." [21]Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama.



## Paliwanag Tungkol sa mga Isasaulong Talata sa Iyong *Pagsisimula kay Cristo*

Narito ang isang paliwanag patungkol sa limang talata na iyong isasaulo sa Aklat 1.

Si Jesu-Cristo ang nagsabi, "Nakatayo ako sa labas ng pintuan at tumutuktok. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, ako'y papasok sa kanyang tahanan at magkasalo kaming kakain" (Pahayag 3:20). Kalakip ng kamangha-manghang katotohanang ito ay ang sinabi sa Kanyang Salita na "ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos" (Juan 1:12).

Kung talagang tinanggap mo ang Anak ng Diyos na si Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas, sinasabi ng Kasulatang binabanggit sa itaas na ikaw ngayon ay anak ng Diyos na pinananahanan ni Jesu-Cristo.

Maraming tao ang nagkakamali sa pagsukat sa katiyakan ng kaligtasan sa pamamagitan ng kanilang nararamdaman. Iwasan mo ang pagkakamaling ito. Sumampalataya ka sa Diyos. Paniwalaan mo ang Kanyang sinabi: "Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong nananalig sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan" (1 Juan 5:13).

Imposibleng maisulat lahat sa mga pahinang ito ang kamangha-manghang resulta ng pagtanggap mo kay Cristo. Maaaring ipanganak sa isang mayamang pamilya ang isang sanggol at magkaroon ng mabubuting magulang, mga kapatid, bahay at lupain, subalit hindi kailangang ipaalam ang lahat ng magagandang bagay na ito sa kanya sa kanyang pagsilang. Mas maraming mahahalagang bagay na dapat munang asikasuhin. Kailangan siyang ingatan dahil ipinanganak siya sa mundong batbat ng kaaway. Sa ospital, nakaguwantes na estirilisado ang mga humahawak sa kanya at hindi pinalalapitan sa kung sinu-sino upang hindi siya makasagap ng mikrobyong maaaring makasama sa kanya. Ang kaalaman ng mga doktor at narses patungkol sa mga kaaway na mikrobyo ay nakatutulong sa kanila para gawin ang nararapat upang mapangalagaan ang napa-

kahalagang bagong buhay na ito.

Ikaw ngayon ay anak na ng Diyos; isinilang ka sa Kanyang pamilya bilang espirituwal na sanggol. Napakahalagang pangyayari ito sa iyong buhay. Nais naming maibahagi sa iyo ang ilang simpleng katotohanang magpapalakas sa iyo para sa mga pakikipaglabang hinaharap mo at mapangalagaan ka sa mga pag-atake ni Satanas.

Mababasa mo sa *1 Pedro 2:2,* “Gaya ng sanggol, kayo'y manabik sa gatas na espirituwal upang umunlad sa pananampalataya.” Sa *Gawa 20:32* sinasabi, “At ngayo'y itinatagubilin ko kayo sa Diyos at sa kanyang salita na nagpapahayag ng kanyang kagandahang-loob. Siya ang makapagpapatibay sa inyo at makapagbibigay ng lahat ng pagpapalang inilaan niya sa lahat ng kanyang pinapaging-banal." Ang Kanyang Salita ang magsisilbing pagkaing espirituwal at siyang magpapatibay sa iyong pananampalataya. Marahil ay mayroon ka nang Biblia o Bagong Tipan. Kung wala pa, pagsikapan mong magkaroon at magsimula kang magbasa araw-araw. Importanteng maglaan ka ng oras lalo na sa umaga para manalangin, magbasa at mag-aral ng Salita ng Diyos.

Pagtuunan natin ngayon ang patungkol sa iyong pagtanggap sa Salita ng Diyos. Sa *Awit 119* ating mababasa, “Paano ba iingatang maging wagas yaong buhay, yaong buhay ng binata sa kanyang kabataan? Ang tugon ay: “Sumunod s'ya sa banal mong kautusan” (bersikulo 9). At pagkatapos ay sinabi ng mang-aawit sa Panginoon, “Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa 'yo kailanman” (talatang 11). Kaya ang hamon namin sa iyo'y ingatan mo ang Kanyang Salita sa iyong puso sa pamamagitan ng pagsasaulo dito. Sa kursong ito, isinama namin ang limang susing talata kung saan ka pwedeng magsimula.

Hanggang sa puntong ito, ang tungkol lamang sa iyong pagkaing espirituwal ang ating napag-usapan. Sandali nating tingnan ang isang bagong kaaway na iyong kakaharapin.

Bago ka nagtiwala kay Cristo, maaaring hindi ka ginugulo ni Satanas pero ngayon ay nakita niyang ginawa mo ang hakbang na labis niyang ikinagagalit. Tinalikuran mo siya at sumama ka sa mga nagtitiwala't nagsisisampalataya sa Anak ng Diyos. Hindi ka na sakop ni Satanas; ikaw ngayon ay kay Cristo na, Siya na *bumili* at *nagbayad ng malaking halaga* para sa iyo--ang halaga ng Kanyang sariling dugo na natigis sa krus. Makatitiyak kang sisikapin ni Satanas na guluhin ka. Marami siyang paraan ng pag-atake pero nais naming ibigay sa iyo ang ilan sa mga pinakapangkaraniwang ginagamit niya upang matulungan kang matagumpay na salagin ang mga ito.

Mapagtatagumpayan lamang natin siya kung gagamitin natin ang mga sandatang ipinagkaloob ng Diyos. Ayon kay Pablo, “…kunin niya ang tabak na kaloob ng Espiritu, samakatwid, ang Salita ng Diyos” (Efeso 6:17). Hindi lamang "tabak na kaloob ng Espiritu" ang Salita ng Diyos kundi ito rin ang panangga't pamatay sa mga palaso ng kaaway (Roma 10:17; Efeso 6:16). Kung gayon, ang Salita ng Diyos ay hindi lamang sandatang pang-depensa kundi ito ay pang-laban din.

Halimbawa, tingnan natin kung paanong tinukso ni Satanas sa tatlong paraan ang ating Panginoon. Sa bawat pagkakataon, pinagtagumpayan Niya ang mga ito sa pamamagitan ng Kasulatan na nagsasabi, "Nasusulat..." (Tingnan ang Mateo 4). Kung minarapat ni Cristo na harapin si Satanas sa ganitong paraan, higit nating kailangan ang makapangyarihang sandata ng Salita ng Diyos. Mas kailangan nating maging handa sa pagsasabi kay Satanas, "Nasusulat..." o "Sinasabi ng Panginoon…”

**KATIYAKAN NG KALIGTASAN**

**1 Juan 5:11-12**
*"At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. [12]Ang pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan, ngunit wala nito ang hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos."*

Ang limang talata mula sa Kasulatan sa kursong ito ay pinili para maihanda ka sa mga unang pakikipagsagupa mo sa kaaway. Ang madalas na unang paraan niya ay pagdudahin ka sa mga ginawa ng Diyos sa iyong puso. Bagamat hindi mo talagang maririnig ang kanyang boses, ibubulong niya sa iyong puso:

"Talaga bang ligtas ka na at pinatawad na ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng paniniwala at pagtanggap lang kay Cristo? Hindi naman pwedeng sapat na iyon!"

Anong isasagot mo? Ang tanging pag-asa para mapagtagumpayan mo ang ata-keng tulad nito ay gamitin ang Salita ng Diyos. Anong sinasabi ng Diyos patungkol dito? Ito ang mahalaga.

Ang unang talatang sasauluhin ay *1 Juan 5:11-12* na pinamagatang *Katiyakan ng Kaligtasan.*

Kapag ang talatang ito ay natatak na sa iyong puso at nagagamit mo na sa tuwing may pag-aalinlangang dumarating sa mga susunod na ilang araw, at kapag base sa *nasusulat* na Salita ng Diyos ay talagang kumbinsido ka nang nasa iyo na nga ang Panginoong Jesu-Cristo at ang buhay na walang hanggan, tagumpay ka sa isa sa mga unang pagsubok. Maaaring paulit-ulit na dumating ang pag-atakeng ito subalit ngayon ay nasa puso mo na ang Salita ng Diyos na panglaban dito.

**KATIYAKAN NG KATUGUNAN SA PANALANGIN**

**Juan 16:24**
*"Hanggang ngayon wala pa kayong hinihingi sa kanya sa pangalan ko; humingi kayo, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan."*

Isa pang atake ni Satanas ay pagduda-hin ka sa bisa ng panalangin. Maaring ibulong niya sa iyo:

"Talaga bang interesado ang Diyos sa iyo? Malayo siya't maraming mas maha-halang pinagkakaabalahan. Talaga bang naririnig niya ang iyong panalangin at tutugunin ang mga ito?"

Ngayong si Jesu-Cristo ay iyo nang Tagapagligtas at Panginoon, mayroon kang tanging pribilehiyong makipag-usap ng tuwiran sa iyong Amang nasa langit sa pamamagitan Niya. Nais Niyang buong lakas-loob kang lumapit sa Kanya (Hebreo 4:16) at makipag-usap sa Kanya patungkol sa lahat ng bagay (Filipos 4:6). Lubos Siyang interesado sa iyo at sa lahat mong pangangailangan. Sa ikalawang talata, *Juan 16:24,* ibinigay ni Jesus sa atin ang *Katiyakan ng Katugunan sa Panalangin.*

Walang sinabi si Jesus na hindi kailan-man humingi ng anuman ang mga alagad. Maski ikaw ay maaaring maraming ulit nang humiling lalo na kapag may problema. Subalit ngayon maaari ka nang humiling sa *Pangalan ni Jesus* dahil ikaw ay sa Kanya na. Ang paghingi sa Kanyang Pangalan ay nangangahulugang humihingi ka base sa Kanyang otoridad at karapatan. Kung paanong tinugon ng Ama ang bawat panalangin ni Jesus, gayundin tutugunin ka Niya kapag humiling ka sa *Pangalan ni Jesus*. Kasiyahan Niyang tumugon sa iyong pagtawag at tugunan ang iyong mga pangangailangan. Isaulo mo ang kamangha-

manghang pangakong ito, ilapat mo sa iyong buhay ang katotohanan nito at mararanasan mo ang kaligayahang dulot ng katugunan sa iyong mga panalangin.

**KATIYAKAN NG PAGTATAGUMPAY**

**1 Corinto 10:13**
*"Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na di dinanas ng lahat ng tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipahihintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon."*

Maaaring ganito naman ang isa pang atake ni Satanas. Ibubulong niya sa iyong puso:

"O sige, buhay ka nga pero mahina ka naman; palagian ka nang mahina."

Ipaaalala niya sa iyo ang mga kasalanang nanaig sa iyo sa mga nakaraang taon ng iyong buhay. Ididiin niya sa iyo ang mga bagay na ikaw lang ang nakakaalam at saka magpapahiwatig:

"Mahina ka; hindi mo kaya ang tuksong ito. Siguro mapagtatagumpayan mo ang iba pero hindi ang tuksong ito."

Paano mo siya sasagutin? Susubukan mo bang makipagtalo sa kanya? Sisikapin mo bang maghanay ng sariling argumento? Ikakatwiran mo ba kung anong sinabi ng taong ito o ng taong iyon, o babaling ka sa makapangyarihang Salita? Ang ikatlong talata, *1 Corinto 10:13*, ay sadyang pinili upang harapin ang atakeng ito ni Satanas.

Ito'y nagbibigay ng *Katiyakan ng Pagtatagumpay.* Ipinapangako ng Diyos ang tagumpay. Ito'y sa iyo dahil anak ka Niya. Sampalatayanan mo ito at makikita mong ang imposible sa tao ay posible sa Diyos. Mamamangha kang makita kung paanong ang mga nakaugalian mo sa loob ng mahabang panahon ay mapuputol sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Isaulo mo ang talatang ito; itatak mo ito sa iyong puso.

**KATIYAKAN NG KAPATAWARAN**

**1 Juan 1:9**
*"Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid."*

Narito ang isa pang paraan ni Satanas sa pag-atake. Bagamat ipinagkaloob na sa iyo ang tagumpay, may mga pagkakataon pa ring babagsak ka. Mahuhulog ka sa kasalanan at mabilis na kikilos ang kaaway para sabihin sa iyo:

"Di ba Cristiano ka na? Hindi iyan dapat ginagawa ng isang Cristiano."

Gayunpaman, may inilaan nang probisyon ang Diyos sa Kanyang Salita kapag nagkasala ang Kanyang mga anak, kaya ang ikaapat na talata sa *1 Juan 1:9* ay nagbibigay ng *Katiyakan ng Kapatawaran.*

Ang pagkukumpisal ng kasalanan ay hindi pagtatakip o pagtatago dito. Bagkus ito'y pagkilala sa pagiging mali nito ayon sa pagtingin ng Diyos. Kalakip sa tapat na pagkukumpisal ay ang kahandaang talikuran ang kasalanan (Kawikaan 28:13). Ang pangako ng Diyos ay hindi lamang kapatawaran kundi paglilinis din. Napakalaking biyaya nito!

**KATIYAKAN NG PAGGABAY**

**Kawikaan 3:5-6**
*"Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan. Siya ay sanggunian sa lahat mong mga balak, at kanya kang itutumpak sa lahat ng iyong lakad."*

Ang naunang apat na katiyakan ay ibinigay sa iyo upang matulungan ka sa paglaban sa mga pangunahing atake ni Satanas. Ang ikalimang talatang iyong isasaulo ay may kaiba namang layunin. Maaaring may mga katanungan ka kaugnay ng iyong kinabukasan sa bagong buhay na iyong natamo ngayon. Ano ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay? Talaga bang gagabayan ka Niya? Narito ang isang talatang magbibigay ng *Katiyakan ng Paggabay* sa *Kawikaan 3:5-6.*

Nangangako ang Diyos na gagabayan at aayusin Niya ang iyong daan kung lubusan mong ipagkakatiwala ito sa Kanya. Isaulo't ilapat mo ang talatang ito sa iyong buhay at tiyak na mararanasan mo ang Kanyang pangunguna.

**Narito ang isang mungkahing paraan sa pagsasaulo ng mga talatang ito:**

Magsimula sa unang talata, *1 Juan 5:11-12.* Makailang ulit itong basahin hanggang sa makuha mo ang kabuuang mensahe. Pagkatapos hati-hatiin mo ito sa bawat parirala. Una mong isaulo ang paksa at reperensiya (kung saan matatagpuan ang talata). Idagdag ang unang parirala, pagkatapos ay ang pangalawa, unti-unti, hanggang sa matapos ang buong talata. Banggitin mo ang reperensiya bago sabihin ang talata at ulitin ito sa dulo. Ang pag-ulit sa reperensiya bago at pagkatapos ng talata ay makatutulong para di ka malito sa pag-alala kung saan makikita ang talata.

Kapag naisaulo mo na ang unang talata, gawin mo rin ito sa ikalawa at balikan mo ulit ang una. Kapag naisaulo mo na ang dalawa, gawin naman ito sa ikatlo. Kapag nasasabi mo na nang walang mali ang ikatlo, isunod mo ang ikaapat, hanggang sa maisaulo mong lahat ang lima.

Ang sikreto sa pagsasapuso sa mga talatang ito ay *pagbabalik-aral.* Mahalagang sa pagsasaulo mo ng bagong talata, balikan mo ang mga nauna mo nang naisaulo. Isa sa mga mabisang paraan ay dala-dalahin mo ang pakete ng mga talata [pahina 90] sa iyong bulsa o pitaka para madali itong mailabas kapag may oras kang magsaulo.

Matapos mong maisaulo at mailapat sa iyong buhay ang mga talatang ito, madarama mo ang kalakasan at pagpapalang kalakip ng pag-iingat ng Salita ng Diyos sa iyong puso.

## Epektibong Paraan sa Pagsasaulo ng Talata

Sa simula, basahin nang malakas nang makailang ulit ang talata. Sa tuwing babasahin mo ito, sabihin mo ang paksa, ang reperensiya, at ang talata; tapos ulitin mo ang reperensiya. Sikapin mong unawain kung anong kahulugan ng talata. (Pansinin na sa Paliwanag Tungkol sa mga Isasaulong Talata sa Iyong *Pagsisimula kay Cristo* [pp. 9-14], masusumpungan mo ang isang maikling paliwanag tungkol sa limang talatang iyong isasaulo.



## Gabay sa Pagsasaulo ng Talata sa Biblia

1. Sabihin nang malakas ang mga talata sa tuwing maaari mo itong gawin.
2. Unahing isaulo ang paksa at reperensiya ng bawat talata.
3. Idagdag ang unang parirala sa paksa at reperensiya.
4. Matapos mong balikan nang makailang ulit ang unang parirala, reperensiya, at paksa, idagdag ang ikalawang parirala. Unti-unting idagdag ang bawat parirala hanggang sa mabuo mo ang talata.
5. Habang isinasaulo't binabalik-balikan mo ang talata, isipin mo kung paano mo ito ilalapat sa iyong sariling buhay.
6. Sundan ang kaayusang ito tuwing sasabihin mo ang mga talata:
   a. PAKSA: "Katiyakan ng Kaligtasan"
   b. REPERENSIYA: "1 Juan 5:11-12"
   c. TALATA: "At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. [12]Ang pinanana-hanan ng Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan, ngunit wala nito ang hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos."
   d. REPERENSIYA: "1 Juan 5:11-12"
7. Ang pinakaimportanteng panahon para balikan ang isang talata ay kapag nasasabi mo na ito nang buo na walang mali (paksa, reperensiya, talala, reperensiya). Balikan mo ang talata minsan isang araw o mas mabuti kung higit pa. May mga taong nagsasabing hindi nila kayang magsaulo. Sa totoo lang, maikli ang memorya ng tao. Binigyan tayo ng Diyos ng kakayahang "lumimot," at may mga bagay na *dapat* nating kalimutan. Subalit binigyan din naman tayo ng Diyos ng kakayahang makaalala. Ang pangunahing prinsipyo ay PAGBABALIK at PAG-UULIT dito. Ang isang talata ay maaaring maisaulo, malimutan ang ilang bahagi, at maisaulong muli. Ang muling pagsasaulo ay magagawa sa mas maikling oras hanggang ang nalimutan ay matutunang muli. Tingnan ang ilustrasyon sa ibaba.
8. ______________________________________
   ______________________________________
9. ______________________________________
   ______________________________________
10. ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

